ISSN: 2546-0536

# HANEP
Basahin Mo Ito!

Taon 3 • Blg. 51 Abril 29-Mayo 5, 2019 • P10.00

Hangad ni Ayong Maliksi…

# MAKATAPOS NG PAG-AARAL, BAWAT KABATAANG KABITENYO
pahina 2






## EMELITO SALINAS LONTOC,
KUMAKATOK SA MAMAMAYAN NG NOVELETA
pahina 6-7

## DR. JANAIRO: 8 BASONG TUBIG KULANG NGAYONG TAG-INIT
p. 5



## ANDI EIGENMANN- 'DI AKO NANGHIHIKAYAT NG MGA BUNTIS'
pahina 8

## Walang Shorcut Tungo sa Tagumpay Makibahahagi sa Team Go for Gold
p. 9

## COMELEC TESTS VOTE COUNTING MACHINES IN CAVITE
pahina 11

**Mail Permit No. 2C-17-05-533**
Office of Entry: Bacoor City, Cavite
Entered as 1st Class

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136 / 0929-8127638

# Hangad ni Ayong Maliksi…
## MAKATAPOS NG PAG-AARAL, BAWAT KABATAANG KABITENYO

**ISA sa mga pangunahing hinahangad ni Erineo 'Ayong' Maliksi ay ang makapagtapos ng pag-aaral ang bawat kabataang Kabitenyo.**

Malapit sa puso at mahalaga sa dating gobernador ng Cavite ang mga kabataan.

Kung papalaring muling uupo sa Kapitolyo at maibabalik ang 'Maliksing-SerbisyonamayPuso' ay ipagpapatuloy ni Ayong ang mga programang may kaugnayan sa edukasyon.

Bagkus ay mas palalawakin pa ito ni Maliksi na ang layunin ay ang pagbibigay ng pantay-pantay na karapatan sa lahat ng ngangailangan.

Sa mahabang taon na panunungkulan bilang gobernador ng Cavite ay isa ang edukasyon sa kanyang prioridad na nakalaan para sa lahat.

Mula 2001 hangang 2010 ay mayroong 45,000 scholars ang dating gobernador.

Kung muling magiging Ama ng Cavite ay isesentro rin niya ang serbisyo para sa mga proyekto na may kaugnayan sa kalusugan.

Ang 'Botika ng Lalawigan' ay muli niyang ilulunsad at mas palalawakin pa na ang pagbibigay ng serbisyo ay nakabukas bente kwatro oras.

Bukod dito ay daragdagan din ang pagpapatayo ng health care facilities.

Tiniyak din ni Ayong ang pagkakaroon ng pampublikong ospital sa bawat ditrito ng lalawigan na umano'y may sapat na pondo na nakalaan para sa medical personnel, facilities at equipment.

Nabatid pa na ibabalik ang paggamit ng ambulansiya nang libre o walang bayad para sa lahat ng mangangailangan nito.

Kaugnay naman ng naranasang paglindol kamakailan ay muling ipinaaalala ni Maliksi kailangan ay palaging may nakahandang emergency bag o survival kit.

Iba umano ang nakahanda gayunman ay kailangan pa rin ang pag-iingat at dapat ay tumutok sa mga balita.

Hindi rin umano dapat kinalilimutan ang pagtawag sa Poong Maykapal para sa tunay at taimtim na panalangin.

Kabilang din ang trabaho at marami pang programa ang ipagkakaloob ng 'MaliksingSerbisyonamayPuso' para sa bawat Kabitenyo. **ROMY SANTOS**

# Inhinyero tigbak, motorsiklo nasuro ng kotse

**PATAY** ang isang 53-anyos na electrical engineer nang nabangga ng minamanehong kotse ng isang 20-anyos na estudyante ang kanyang motorsiklo sa Trece Martires City, Cavite.

Dakong alas-6:51 ng umaga nang idelarang patay ng mga doctor sa M.V. Santiago Medical Center ang biktimang si Nolasco Villaluz, may-asawa, ng Block 29A Lot 16 West Plain Subd., Brgy San Agustin, Trece Martires City.

Hawak ng pulisya ang driver ng isang kulay itim na Honda Civic na may plate number na UJP 695 na minamaneho ni Aira Cassandra Lee, 20, estudyante, ng 2033 Samala St., Binakayan, Kawit.

Sa ulat ni Pat. John Gregory Bago, ng Trece Martires City Police Station, dakong alas-6:00 Martes ng umaga nang naganap ang insidente sa Tanza-Trece Road, Brgy Ocampo, Trece Martires City kung saan papasok sa kanyang trabaho ang biktima habang minamaneho ang kanyang kulay itim na motorsiklong Yamaha at binabagtas ang nasabing lugar.

Binabagtas naman ni Lee ang nasabi ring lugar at direksiyon nang nawalan ito ng kontrol sa kanyang manibela matapos na mag-overtake sa Trailer truck (RMR 221) na minamaneho ni Godofredo Poleros Jr, 34 at nasagi nito ang kanang bahagi ng truck.

Dahil sa pagkakasagi sa truck, umikot ng 180 degrees ang minamanehong kotse ni Lee dahilan upang masagi nito ang minamanehong motorsiklo ni Villaluz.

Sa nasabing aksidente, nasagi rin ng kotse ni Lee ang isa pang motorsiklo na minamaneho ni Jorenil Alba, 38, ng Brgy Bagtas, Tanza, subalit dahil maliit lamang ang naging pinsala ng kanyang motorsiklo kaya nakipag-ayos na lamang ito.

Isinugod pa sa ospital si Villaluz subalit dakong alas -6:51 ng umaga nang ideklara itong patay. **GENE ADSUARA**

# Mag-ama, 2 pa kulong sa droga

**NAGKASAMA-SAMA s**a kulungan ang mag-ama at asawa ng anak at isa pang kasamahan matapos na naaresto sa buy bust operation sa Tanza, Cavite.

Kinilala ang magamang suspek na si Marino Ararao, Sr., 53, at anak nito si Marino Ararao, Jr., 26, at live –in parner nitong si Lydia Salentes, 39, pawang residente ng Brgy Biga, Tanza; at Markvin Tamio, 33, binate, ng 357 Amore Subd. Brgy Biga, Tanza.

Sa ulat ni Pat. Ehdcel Manalo, ng Tanza Municipal Police Station, dakong alas-10:30 ng gabi nang ikinasa ang buy bust operation ng mga operatiba ng Station Drug Enforcement Unit ng Tanza MPS at PDEA 4A laban sa mag-ama matapos na nagkutsabahan sa pagbebenta ng illegal na droga sa isang poseur buyer na nagresulta sa kanilang pagkakaaresto.

Naaresto rin sina Tamio na customer at bumibili ng shabu sa mag-ama habang si Salentes ay nakuhanan ng shabu sa kanyang pag-iingat.

Nakuha sa mga supek ang ilang sachet ng hinhinalang shabu.

Paglabag sa RA 9165 ang isinampang kaso laban sa mga naarestong ssupek. **GENE ADSUARA**

# 'HIT' Program ng DOH-CALABARZON

**ISINULONG** ng Department of Health-CALABARZON o Region 4A ang programang Health In Tourism (HIT).

Kaugnay nito, ang kauna-unahang HIT Summit ay isinagawa nitong Abril 26 sa Taal Vista Hotel sa Tagaytay City.

"We need to ensure that general standrads of health, safety and Hygiene in all hotels, resorts and leisure parks must be enforced and implemented accordingly for the safety of both foreign and local tourists," paliwanag ni Dr. Eduardo Janairo, regional director ng DOH-CALABARZON.

Nabatid na ang layunin ng HIT program ay matiyak na ligtas at malusog ang mga destinasyong panturismo sa rehiyon.

Ito ay sa pamamagitan umano ng pagbibigay ng health regulations at pagpapatupad ng safety standards sa mga Tourism Related Establishments (TREs).


Ipagkakaloob sa TREs ang mga kaukulang pagsasanay, oreyntasyon at adbokasiyang mga aktibidad hinggil sa kalusugan at kaligtasan sa turismo.

"The HIT program is part of our goal 'Towards CALABARZON Prime' – to generate awareness on tourism programs in collaboration with government agencies, local government units, non-government organizations that will provide and efficient and effective health care delivery system that will cater to the health needs of TREs in the rigion," ani Dr. Janairo.


Sa naturang summit ay isang Pledge of Commitment ang nilagdaan ng mga may-ari ng resort at mga manager ng mga hotel mula sa limang lalawigan na nasasakupan ng Region 4A.

Pinangunahan ang nasabing paglagda nina Dr. Janairo, Department of Tourism OIC Regional Director Marites castro at Captain Armando Balilio ng Philippine Coast Guard.

"Through the summit, we will position CALABARZON as one of the safest leading tourist destinations in the country where everyone can enjoy their vacation safety and securely," pagtatapos ni Dr. Janairo. **ROMY SANTOS**




**MALUGOD** na pinagmamasdan ni Dr. Eduardo Janairo, regional director ng DOH-CALABARZON, si Capt. Armando Balilio ng Philippine Coast Guard habang lumalagda sa Pledge of Commitment. **(Boy Josue)**




**IPINAPALIWANAG** ni DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo Janairo ang layunin ng Health In Tourism (HIT) Program. **Kuha ni J. Billones**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## 'Alay Basura'

Ang lungsod ng Antipolo ay isa sa mga lugar na dinadagsa ng mga deboto sa panahon ng Holy Week.

Kabilang sa ginagawa rito taun-taon ay ang tinatawag na alay lakad ng mga deboto.

Pero kasabay o sa pagtatapos ng alay lakad ay napalitan ng alay basura.

Kung bakit, dahil po ang milyun-milyong deboto ay nag-iwan ng tambak na basura.

Kaya naman ito ay pinuna Antipolo City Bishop Francis De Leon.

Ang paglalakad ay isang uri ng tinatawag na sakripisyo tuwing Mahal na Araw.

Kung ikaw ay hindi nag-iiwan o nagtatapon ng basura sa kahit saan o anong lugar, ayon sa Obispo ay isa itong uri na rin ng pagsasakripisyo.

Sa kabila ng patuloy na pagpapaalala hinggil sa tamang pagtatapon ng basura ay hindi ito sinunod ng mga deboto.

Naglalaro sa bilang na apat na milyong deboto ang dumalo sa tradisyunal na alay lakad sa lungsod.

Imadyinin na lamang po ninyo, sa naturang bilang kung gaanong karaming basura ang 'inialay' nila sa Antipolo.

Partida pa po iyan ah, mga deboto sila na dapat ay alam nila ang kanilang obligasyon sa kalikasan.

Ewan pero likas na napakaraming walang habas sa pagtatapon ng basura sa mali.

Maliliit na basura na walang pakundangan kung ihagis sa kalsada.

Pansinin na lamang ninyo ang ilan sa mga pasahero ng pampublikong behikulo.

Sa pampasaherong dyip, traysikel at iba pa na makikita mo na lamang na mayroong iitsa o ihahagis na maliit na basura.

Anu-ano? Balat ng kendi, plastic na pinag-inuman ng softdrinks, tissue at iba pa.

Ang laki sobra ng kanilang basurahan ano po? Pakiramdam nila ay basurahan ang kapaligiran.

Maging responsable, matuto po tayong magsakripisyo na itong maliliit na basura ay ibulsa o itago muna at saka itapon sa wastong tapunan o basurahan.

Hindi lang tuwing Mahal na Araw ang panahon ng pagsasakripisyo, araw-araw po.

'Wag tayong mag-alay ng basura sa kalsada.




Migration and Development Orientation and Planning Workshop

In order to further understand the concept, issues and concerns on migration and development (M&D), the Cavite Migration and Development Office thru the the Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) initiated the conduct of Migration and Development Orientation and Planning Workshop on April 15, 2019 at the Ceremonial Hall of the Provincial Capitol Building, Trece Martires City catering the Cavite Overseas Filipino Welfare Council members from the provincial government and national line agencies, OFW Organization representatives, DTI's Negosyo Center staff, PESO Managers and M&D focal persons from the local government units.

Atty. Khervy Reyes, Officer-in-Charge of the Provincial Cooperative Livelihood and Entrepreneurial Development Office (PCLEDO) welcomed the participants and communicated the aim to establish 23 functional M&D office or desk in the LGUs to facilitate the integration of M&D plans into their own local development plans. He encouraged the attendees to partake in a fruitful discussion concerning the lined-up topics. Provincial Administrator for Community Affairs Mr. Alvin Mojica gave a backgrounder on the M&D journey of the province from the early legislations up to the creation of the CMDO and its programs. He likewise encouraged the participants to share their ideas and initiatives that will enhance M&D programs and services to address the needs of OFs and their families.

Levelling off activity was facilitated by Ms.Jennylyn Jucutan of the National Economic Development Authority (NEDA). NEDA IV-A Regional Director Luis G. Banua led the session on "Migration and Development 101" which focused on understanding the history, patterns and features of international Filipino migration, distinguishing the duality of migration, its social costs and benefits to migrants, their families, communities and country, and appreciating the ways of harnessing the development potential of international migration. Dir. Banua also pointed out that according to the Calabarzon Migration Data, movements of migration growth in the Calabarzon region has increased. Cavite is one of the contributors of the top sending region in terms of migration as reflected by the number of sea farers in the province.

Director Banua also enlightened the attendees on the positive and negative effects of migration on migrants, their families and the community. He also echoed the important LGU roles including the policies, services, multi-stakeholder partnerships and institutional capacity which affected the conditions of migration and development dynamics.

Cavite Governor Jesus Crispin "Boying" Remulla appreciated the efforts initiated by the PSWDO and NEDA to come up with the orientation and seminar/workshop for the awareness of the status of migration and development in the province. The governor emphasized the idea that migration leads to brain drain and said that it is only temporary since the world has now become united by technology through digital infrastructure. He added that the fiber optic project in the province will be fully operational in the coming days and will address the separation of families since the digital infra will bridge the distance and make communication easier. The governor also said that the provincial government works on strengthening its employment services to give more jobs to Cavitenos. Access on basic services has already been implemented to reach the poor communities.

The session on Mainstreaming Migration and Development in Local Development Planning and Governance was led by Ms. Lovely Morres, OIC-Supervising Economic Development Specialist of NEDA IV-A. Her session concentrated on the assistance that they may provide for the LGU's in integrating migration and development into their local planning and provide them with a sample menu of services that can be offered for the migrants and their families. Her lecture also showed the services that may be extended to provide pertinent information on international migration, issues of migrants and the national government agencies involved in migration and development initiatives so the LGus could link up with them. The lecture covered essential steps in building local institutional capacities and working towards a multi- sectoral engagement through the 8-step guide in mainstreaming migration and development.

After the discussion, the planning workshop was facilitated by Ms. Morres and participants were assigned to form groups to identify existing programs if any, the gaps in implementation and future M&D initiatives. Each group presented workshop outputs to the assembly.

The program was facilitated by Ms. Sherryll Loyola, Livelihood Division head of PCLEDO. — (PICAD)

# EDITORYAL

## Kakaibang impresyon

**HANDA ang Department of Energy (DOE) na panindigan ang kanilang ipinangako.**

**Ang pangako ay makakaasa raw na walang power interruption na magaganap sa panahon ng mismong halalan sa Mayo 13.**

**Ito ay dahil mayroong ilang bagong pagkukunan ng kuryente o power sources.**

**Tumutupad din ang kagawaran sa kanilang mandato sa pagtitiyak na hindi nagkukulang sa supply ng kuryente.**

**Nasimulan na rin ng kagawaran ang paglikha ng mga programa makakalikom ng mas maraming enerhiya para sa buong bansa.**

**Kaya naman kumpiyansa ang DOE na walang interapsiyon sa supply ng kuryente sa araw ng eleksiyon.**

**Dapat lang na tiyakin ito ng kagawaran dahil batid naman natin ang kakaibang impresyon sa sandaling nawawalan ng kuryente sa araw pa man din ng halalan.**

ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian, Kawit, Cavite
Contact Nos. 0977-7844136/ 0929-8127638
Email: **ronejed@yahoo.com/**
**HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

*Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.*
papi

# DR. JANAIRO: 8 BASONG TUBIG KULANG NGAYONG TAG-INIT

**DAGDAGAN ang pag-inum ng maraming tubig ngayong tag-init upang makaiwas sa anumang uri ng sakit.**

Ayon kay Department of Health (DOH)-CALABARZON (Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon) Regional Director Eduardo c. Janairo na kulang ang 8 baso ng tubig na iniinum nating ngayong tag-init dahil madaling made-hydrate ang ating katawan.

"Yung alam natin na 8 glassess of water, kulang yun dahil madali tayong pawisan at ang katawan natin madaling ma-dehydrate dahil sa sobrang init. Mas maraming iniinom na tubig, mas maganda dahil kailangan ito ng ating katawan para maka-replenish agad. Isa ring mabisang paraan ito upang makaiwas sa anumang uri ng sakit ngayong tag-init," payo ni Janairo.

Ayon pa kay Janairo na maraming lumalabas na sakit ngayong tag-init kabilang ang sore eyes, cough and colds, skin diseases, typhoid, hepatitis, cholera, measles, diarrhea and rabies gayundin ang heat stroke at sun-burn kaya kailangan nating mag-ingat.

Pinayuhan din niya ang publiko na umiwas na nasa labas sa pagitabn ng alas- 9:00 ng umga hanggang alas-4:00 ng hapon dahil possibleng maheat stroke at sunbrn.

"Ito ang oras de-peligro dahil sa sobrang init ng panahon maari kang magkaroon ng heat-stroke at sun-burn. Kung maiiwasan huwag ng lumabas ng bahay kung kinakailangan naman dapat magdala ng payong, mineral water at huwag magsusuot ng de-kolor na damit because it attracts heat, Wear light colors at huwag kalilimutang maglagay ng sun-block," dagdag pa ni Janairo.

Ayon sa Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA), isa ang CALABARZON na nagtala ng mataas na heat indexes kung saan umabot ng 43.7° Celsius sa Ambulong, Batangas at 43.2° Celsius sa Sangley Point, Cavite.

Pinayuhan din ni Janairo ang mga senior citizens na manatil sa loob ng bahay lalo na sa umaga upang makaiwas sa hypertension, asthma, heat stroke, exhaustion, heat cramps, fainting at rashes. **GENE ADSUARA**

# SSS, may dagdag benepisyo sa mga empleyadong nawalan ng trabaho

**LUNGSOD NG SAN FERNANDO, Pampanga (PIA)** — May bagong benepisyo ang Social Security System o SSS para sa mga miyembro nitong nawalan ng trabaho.

Ayon kay SSS Luzon Central 2 Division Vice President Gloria Corazon Andrada, sakop ng nasabing benepisyo ang mga Overseas Filipino Workers at mga empleyadong nawalan ng trabaho bunga ng pagsasara ng kumpanya o pagbabawas ng mga empleyado.

Bukod dito, kasama din ang mga nawalan ng trabaho dulot ng mga kalamidad at sakuna.

Ngunit nilinaw niyang hindi sakop ng nasabing benepisyo ang mga emplyadong natanggal sa trabaho dahil sa kapabayaan o masamang gawain.

Ayon kay Andrada, hanggang 50 porsyento ng kanilang buwanang sahod ang maaring makuha ng mga miyembro ng SSS sa ilalim ng nasabing benepisyo.

Upang mapakinabangan ang benepisyong ito, kailangang may hindi bababa sa 36 na kontribusyon ang miyembro, kung saan 12 dito ay nabayaran sa loob ng 18 buwan.

Dagdag pa niya, maaari lamang itong kunin isang beses kada tatlong taon at hindi tuwing naaalis ang empleyado sa kanyang trabaho.

Isa aniya itong paraan upang matulungan ng SSS ang mga miyembro nitong magkaroon ng pantustos sa mga pangangailangan o makapagsimula ng maliit na negosyo habang naghahanap pa sila ng panibagong trabaho.

Ang nasabing benepisyo ang ikapitong benepisyo ng SSS, na isa sa mga tampok sa ilalim ng Republic Act 1199 na naging epektibo nitong Marso 5. **(CLJD/MJLS-PIA 3)**

# LRT-1 Cavite extension construction set in May

**MANILA** — The construction of the extension of the Light Rail Transit Line 1 (LRT-1) is set to start in May, the Department of Transportation (DOTr) said.

"We'll have an event on May 6 to start the actual works of LRT Line 1 Cavite Extension Project. We will send an advisory soon," DOTr Assistant Secretary for Communications Goddes Hope Libiran said in a text message to the Philippine News Agency (PNA) on Wednesday.

The 11.7-km. railway extension project will have eight stations from Baclaran in Parañaque City to Bacoor in the province of Cavite, reducing travel time to 30 minutes from the current one-and-a-half hours during rush hours.

The daily passenger volume of the LRT-1 is expected to increase from 300,000 to 800,000 once it is completed.

The DOTr and the railway system's private operator, Light Rail Manila Corp., are eyeing to finish the project by the fourth quarter of 2021. ***(PNA)***

# Lolo, dedo sa heat stroke

HINDI nakayanan ng isang 67-anyos na lolo ang matinding init ng panahon habang nasa loob ng kusina sa Sangley Point, Cavite City.

Hinihinalang tatlong araw ng patay nang natagpuan ang bangkay ng biktima na si Sivino Suarez, alias "Mang Bennie," helper, striker at caretaker sa Barracks No 2, Major Danilo Atienza Air Base, Sangley Point, Cavite City.

Sa ulat ni Pat. Melvin Calapano, ng Cavite City Police Station, dakong alas-9:30 Lunes ng umaga nang natagpuan ang bangkay ng biktima nang nakamoy ng masangsang ang ilang empleyado sa kitchen area sa naturang barracks kung saan stay in ito, na wala nang buhay at bloated na ang katawan.

Ayon kay Calapano, posibleng noong Mahal na Araw pa namatay ang biktima subalit wala lang nakapansin sa kanya dahil bakasyon at walang pasok at tanging siya lamang ang naroon sa lugar.

Ipinalagay din na namatay sa sobrang init ang biktima dahil hindi umano gaanong ventlated ang lugar bukod pa sa may sakit umano itong diabetes at high blood. GENE ADSUARA

# SC asked to allow poll watchers to take photos

**MANILA** — Various individuals and groups asked the Supreme Court (SC) to lift the ban imposed by the Commission on Elections (Comelec) on digital photo taking by watchers of candidates in the May 13 midterm polls.

In a 44-page suit, the petitioners urged the SC to hand down a writ of mandamus for the Comelec among other things to "respect the right of watchers to take photographs of the proceedings and incidents in accordance with Section 179 of the Omnibus Election Code and the amplification of the same right including "members of the public" pursuant to the Electoral Reforms Law (Republic Act 7166)".

The petition likewise urged the High Court "to declare that the (Comelec) ban against digital cameras and cellular phones ... applies only until the close of polls" and "to allow after the close of polls, the use of digital cameras and cellular phones to audit the totality of votes inside the precinct after karambola or shuffling the Voter Verified Paper Audit Trail receptacle".

The petition was filed by groups AES Watch, Buklod Pamilya, Capitol Christian Leadership, Citizens' Crime Watch, Connecting Businessmen in the Marketplace to Christ, Latter Rain Harvest Ministries, One Vote Our Hope, and Upper Room Brethren Church.

The petitioners are described as 13 private individuals who described themselves as church leaders, election reform and anticrime and corruption advocates. ***(PNA)***



**PGC RECOGNIZES HEROISM OF RSD PERSONNEL:** Board Members Kerby J. Salazar and Jeremiah Gandia led the awarding of Certificate of Commendation to Mr. Leonirey P. Hernandez, Administrative Aide II of the Road Safety Division during the Monday flag raising ceremony of provincial capitol employees held on April 22, 2019 at the Provincial Gymnasium in Trece Martires City. Mr. Hernandez is a traffic enforcer who was recognized for his laudable act of bravery and dedication to public service, which led to the arrest of a theft suspect in the City of Bacoor on March 14, 2019. On behalf of Governor Boying Remulla, BM Salazar congratulated the RSD personnel and delivered a short yet very inspiring message to co-public servants, sharing his journey on how he started his career in the local government. BM Salazar also added that for his next term being a regular member of the Sangguniang Panlalawigan, he ensured the capitol employees on his commitment in lobbying programs for the welfare of government personnel because he strongly believe that happy workers are the most productive ones. **(PICAD)**

# 'ASIN' AT 'ILAW' SA CAVITE

**INILUNSAD sa Cavite ang isang kampanya para sa malinis, tapat na halalan at maayos na pamumuno.**

Tinawag itong ASIN (Ang Suhol Iwaksi Natin) at ILAW (Itaguyod Legal at Wasto), na isang Non-Partisan Advocay at pinamunuan ni Bishop Jonel Milan, Founder and President of ASIN and ILAW Foundation na layon ng nasabing programa na ipaalala sa mga Filipino na maging matalino at matalas sa pagpili ng iboboto para sa maayos na pamumuno.

Sinabi naman ni Atty. Arnulfo Pioquinto, Provincial COMELEC Supervisor, na hiling nito na huwag ibenta ang boto at huwag basta-basta maniniwala sa mga pangako ng mga politiko.

Sa panig naman ng kapulisan na pinamunuan ni Provincial Director Police Colonel William Segun na ang pagbuo ng ganitong programa ay patunay lamang ng isang tahimik at maayos na halalan sa probinsiya ng Cavite.

Dagdag pa ni Segun na handa ang kapulisan para sa pagtupad ng kanilang tungkulin para sa isang tahimik at mapayapang Midterm Election.

Ang naturang kampanya ay inilunsad sa loob ng Camp BGen Pantaleon Garcia, Imus City, Cavite. **GENE ADSUARA**

# SC issues status quo order on Baguio mayoralty poll row

**MANILA —** A mayoralty candidate in Baguio City can still run in the May polls despite being disqualified by the Commission on Elections (Comelec).

In its three-page status quo ante order dated April 11, the Supreme Court (SC) directed the Comelec against implementing its Minute Resolution No. 19-0286 dated last March 6 disqualifying lawyer Edgar Avila from the mayoralty race for using the old Certificate of Candidacy (COC) form.

"A Status Quo Ante Order is issued, effective immediately and continuing until further orders from this Court, ordering You, parties, your agents, representatives, or persons acting in your place or stead to maintain the status quo prevailing before the issuance of Comelec En Banc Minute Resolution No. 19-0286 dated March 6, 2019," read the order issued by Chief Justice Lucas Bersamin and upon the recommendation of SC member in charge of the case, Senior Associate Justice Antonio Carpio.

The Court also ordered the Comelec to answer Avila's petition and file its comment within 10 days in connection with a resolution of the poll body invalidating the candidacy of bets who used the "old format" in filing their COCs that did not have Item No. 22.

Item No. 22 asks if a particular candidate was disciplined or found guilty or has pending criminal or administrative cases. This question is not present in the old format of the Comelec COC.

While the names of the candidates are already included in the ballots, the poll body disqualified them and declared that "they shall not be voted for, and any vote cast in their favor shall be considered stray." ***(PNA)***

# Quake also rocks Cavite, other provinces

**IMUS CITY, Cavite –** The powerful earthquake that shook a wide area of Luzon at 5:11 p.m. Monday was felt as a magnitude IV in Tagaytay City, while only as a magnitude III in the cities of Dasmariñas, General Trias, Cavite and the town of Indang, the Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs) reported.

Phivolcs' earthquake information no. 2, issued at 6:03 p.m. Monday traced the Magnitude 6.1 earthquake's epicenter around 18 km north 67° E of Castillejos (Zambales), with a depth of focus measured at 12 km.

The agency said the quake was tectonic in origin.Other recorded intensities include:

Intensity 5 -San Felipe, Zambales; Malolos and Obando, Bulacan; Quezon City; Lipa, Batangas; Manila City; Abucay, Bataan; Valenzuela City; Magalang, Pampanga

Intensity 4 - Pasig City; Makati City; Caloocan City; Meycauayan and San Jose Del Monte, Bulacan; Floridablanca, Pampanga; Villasis, Pangasinan; Villasis, Pangasinan; Baguio City; Marikina City; Las Pinas City

Intensity 3 - Lucban, Quezon; Muntinlupa City, Cabanatuan City; Palayan City; Gapan City; Santo Domingo and Talavera, Nueva Ecija Intensity 2 - Baler, Aurora

The earthquake information bulletin stated that damage and aftershocks are expected. ***(Gladys Pino-PNA)***

# DOE activates energy resiliency TF after earthquake hits Luzon

**MANILA —** The Department of Energy (DOE) has activated the Task Force Energy Resiliency (TFER) after a 6.1 magnitude earthquake hit parts of Luzon past 5 pm Monday.

Citing a report from the National Grid Corporation of the Philippines (NGCP), the energy department said in a statement that power interruptions took place in Pangasinan, Pampanga, La Union, and Bataan.

"The provinces of Quezon, Batangas, Camarines Sur, and Sorsogon were also affected but have already been restored," it said.

DOE explained that "in the event that the affected facilities and capacities will be unable to come online, the occurrence of power outages is probable".

"Situation updates on the status of energy facilities will be released as soon as the information becomes available. Rest assured that the entire energy family will keep the public properly informed on the matter," it added.

In a text message to mobile phone users in the country, the National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC), said a 5.7 magnitude earthquake was recorded at Castillejos, Zambales at around 5:11 pm Monday that was later elevated to 6.1 by the Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs.

It said damages and aftershocks are expected, thus, it advised the public to ensure their safety. ***(PNA)***




PCLEDO's BIZ iCREATE PROGRAM CONTINUES FOR ENTREPRENEURS' SUCCESS: Twenty qualified Caviteño entrepreneurs attended the second learning session provided by the Provincial Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial Development Office under the BIZ iCREATE-Cavite Entrepreneurs Aiming Toward Economic Sustainability program on April 23, 2019 at the PCLEDO Training Area, Trece Martires City. Hoping to further equip business owners and aspiring entrepreneurs with proper entrepreneurial mindset, the lecture and discussion focused on Entrepreneurial Skills Development which was conversed by Dr. Aldrin Antivola, Professor, DLSU-Dasmariñas Graduate School of Business. The participants gained knowledge about the technical skills, personal entrepreneurial skills, business management skills, general management and marketing management needed for satisfying customers and becoming good business leaders. Topics to be discussed in the succeeding sessions include Entrepreneurial Skills Development part 2, Strategic Business Plan and Business Plan Preparation. — (PICAD)

# EMELITO SALINAS LONTOC, KUMAKATOK SA MAMAMAYANNG NOVELETA

BUONG pakumbaba ang ginagawang pagkatok ni Emelito Salinas Lontoc sa puso ng mamamayan ng Noveleta, Cavite.

Ito ay upang umamot o humiling ng tulong para sa kanyang kandidatura bilang konsehal ng bayan sa darating na halalan sa Mayo 13.

Si Lontoc, na tinagurian din bilang si Kap Emi, ay laki o tubong Noveleta dahil sa naturang bayan siya isinilang.

Sa Noveleta lumaki at nagkaisip hanggang sa magkaroon ng sariling pamilya sa pamamagitan ng kanyang butihing maybahay na si Gng. Bubuth Salud Lontoc.

Sa mother side, si Kap Emi ay nagmula sa mga pamilyang Olaes at Salinas habang sa angkan naman ng father side ay mula sa mga Ilano at Lontoc.

Hinubog si Kap Emi ng kanyang mga magulang sa kababang-loob at kagandahang asal.

Dala-dala ni Kap Emi ang pagkakaroon ng respeto at pagmamahal sa Panginoong Diyos.

Aktibo siya sa mga gawaing simbahan at sa kasalukuyan ay tumatayong pangulo ng Adoracion Nocturna Filipina T621 Catholic Church.

Nananalantay sa dugo ni Kap Emi ang pagbibigay ng serbisyo sa publiko.

Ang tiyuhin niya ay naging mayor ng Noveleta habang ang kanyang pinsang-buo ay naglingkod bilang konsehal.

Dahil nasa angkan ang paglilingkod sa bayan ay naisipan niya ring sumabak.

Naging barangay kagawad si Lontoc mula 1997 hanggang 2007.

Umupo bilang presidente ng Organizer Association of Brgy. Kagawad of Noveleta noong 2002 si Kap Emi.

Dahil sa maayos na paglilingkod ay hindi nabigo si Lontoc nang tumakbong punong barangay.

Tatlong sunod na terminong nanungkulan bilang barangay chairman si Lontoc mula 2007 hanggang 2018.

Nailuklok din si Kap Emi noong 2013 hanggang 2018 bilang presidente ng Association of Barangay Chairmen (ABC) ng Noveleta.

Sa mga panahong paglilingkod sa barangay, kagawad man o chairman, ay itinuturing siya bilang 'Action Man.'

Ang mga malalapit na kaibigan at kakilala na labis na nagtitiwala sa kakayahan ni Kap Emi ang nagtulak sa kanya upang tumakbong konsehal ng Noveleta.

Sa pakikipanayaman ay walang binanggit at ibinigay na komento si Kap Emi sa mga kapwa niya kandidato dahil hindi nito tinataglay ang manira o pumuna ng iba.

Ang mahalaga para sa kanya ay mailatag at maisakatuparan ang mga programa na mamamayan ng Noveleta ang makikinabang.

Kung mabibigyan ng pagkakataon na makaupo sa konseho ng Noveleta ay nais ni Kap Emi ang komite na makakatutok na may kaugnayan sa TODA at sa kapakanan ng mga mananakay.

Nakalinya na rin ang isang panukala kay Kap Emi na aniya kung papayag ang Municipal Government ay isusulong niya ang resolusyon na magkaroon din ng additional benefits ang mga PWDs) na hindi na makapagtrabaho, o unFit to works.

Hangad niyang magkaroon ito ng katulad sa mga senior citizen na 70 yrs old na para sa Social Pension.

Naniniwala si Kap Emi na maisasakatuparan ito dahil sa ngayon ay wala ng utang ang pamahalaang bayan ng Noveleta.

"Ngayon pa lamang ay labis na akong nagpapasalamat sa lahat ng tumutulong, sumusuporta, nagtitiwala at nagmamahal sa akin," pahayag ni Kap Emi. ROMY SANTOS





(Para sa karagdagang kaalaman...)

Activity/Program/Projects:
- Blood Letting Activity
- Blood Donor Galooner Awardee
- Linis Ilog Program
- Fire Olympics
- Anti Rabies Mass Vaccination
- Construction of New Brgy.Hall
- Construction of Concrete River Wall
- Construction of Concrete pathways
- Intallation of StreetLights
- Installation of Solar lights Fly over
- Construction of Waiting Shed Fly Over
- Installation of Boundary Marker
- Purchased of Barangay Ambulance
- Facilitate/Coordinate of Congressional Fund projects.. (Cong.Abaya)
- College Scholars Assistance
- Financial/Medical Assistance
- Medical Mission






(Narito ang ilan sa mga prayoridad ni Kap Emi)

•Proposed Ordinance of Municipal Tricycle Code of NOVELETA. (para sa mga TODA at mananakay po

•Proposed Revision of Market Code of Noveleta.

•An Ordinance Implementing mandatory Registration if Newly InHabitat or Tenants in Barangay.

•To support the strict implemwntation of RA 9003.

•To support the Mandatory Drug Test in All Barangay appointees.

•To support the Liga ng mga Barangay Special Plan, Programs, & Activities(PPA).

(Sa mga larawan makikita at mapapatunayan si Kap Emi bilang Action Man bukod pa sa malapit sa simbahan ay responsable siya sa kanyang pamilya)





## HANEP SHOWBIZ

# ANDI EIGENMANN- 'DI AKO NANGHIHIKAYAT NG MGA BUNTIS'



**MAYROONG kanya-kanyang pamamaraan ng pag-eehersisyo ang isang babae kahit ito ay buntis.**

Kagaya ni Andi Eigenmann, sa kabila na siya ay nagdadalan-tao ay sumabak pa rin sa surfing.

Last Holy Week, ang aktres ay nasa Siargao na kasama ang panganay na si Ellie at ang kanyang partner/boyfriend na si Philmar Alipayo na isang surfer.

Super saya ang 28 anyos na aktres dahil kapiling niya sa bakasyon ang pamilya.

Bago naman sumabak sa surfing session ay kumuha ng pahintulot ang aktres sa kanyang doktor.

Meaning, may permiso mula kay 'dok plus na mayroon pang kasamang professional surfer.

Kaya naman nothing to worry dahil safe o ligtas si Andi at maging ang kanyang ipinagbubuntis.

Pinili ng aktres ang ganoong klaseng ehersisyo sa kabila na siya ay buntis.

Pero hindi ibig sabihin ni Andi na mainam na rin ang surfing sa iba pang buntis dahil aniya ay iba-iba naman ang kalagayan ng tao o ng isang buntis.

Isa pa sa paglilinaw ni Andi ay hindi siya nanghihikayat ng iba pang buntis na mag-surfing kagaya niya.

## Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

### (ika- 114 labas)

**PAGKATAPOS** ang mabilisang paligo ay kaagad na nagbihis si Kardo.

"Ano ba 'yan, eh bakit 'yan na naman uli ang isinusuot mo? Magpalit ka naman ng damit pati pang-ibaba mo."

"Masyado ka namang nag-aapura, 'di mo na ba hihintayin ang anak mo?"

Habang nagmamadaling nagbibihis ay kinakausap siya ni Lyka subalit mistulang walang naririnig si Kardo.

Isang halik na lamang ang pinakawalan ni Kardo sa labi ni Lyka at sinabayan na kaagad ng alis.

Diretso naman kaagad si Kardo sa bahay at medyo kakaiba ang pagkakasalubong sa kanya ni Inday.

"O ano ka ngayon, mayor ah."

Hindi maintindihan ni Kardo kung ano ang ibig sabihin ng salitang iyon sa kanya ni Inday.

Dapat ang inaasahan ni Kardo ay ang tanungin siya ng kanyang misis.

Kung bakit hindi siya nakauwi kagabi at halos maggagabi na rin ang kanyang pag-uwi.

Pero walang mga ganoong katananguan kay Kardo ang kanyang misis.

Ang tila alam lamang ni Kardo ay mayroong ibang laman o kahulugan ang salita ng asawa niya.

"Alam mo Inday eh 'di ko maintindihan ang gusto mong sabihin sa akin."

Kaya naman hindi na nakatiis si Kardo at siya na mismo ang nag-urirat sa kanyang esposa.

"Ayan, masyado kasing matigas ang ulo mo. Mas ipinilit moa ng gusto mo."

"Kung pinakinggan mo lang sana ako, eh kaya lang 'di mo ako sinunod eh."

Kabado si Kardo sa unang pagtatanong niya kay Inday at mas lalo siyang kinabahan sa mga idinagdag na salita ng asawa.

May paninisi ang himig ng pagsasalita ni Inday kaya tila alam na ni Kardo ang ibig sabihin niyon.

Kahit hindi na magtanong pa si Kardo ay alam na niya ang nais tumbukin ni Inday.

"Panalo…Oo panalo…"

**(Itutuloy)**






### (Ika-6 labas)

**NAGUGULUHAN** si Bernie sa malalakas at malulutong na pagtawa ni Cecile.

"Inunahan na kita, baka itatanong mo kung nagkaroon ba ako ng nobyo."

"Nakakatawa lang kasi talagang pinigil ko ang aking sarili para makipagnobyo."

"Marami akong manliligaw, 'di sa pagyayabang ay mga gwapo ang mga nanunuyo sa akin."

Kahit hindi naman sabihin ay naniniwala si Bernie dahil nababakas niya na noong kabataan ay maganda si Cecile.

Halata naman iyon dahil kahit medyo may edad o nagkakaedad na si Cecile ay nababakas pa rin ang kagandahan.

Natural ang ganda ni Cecile, hindi siya mahilig gumamit ng make up o ano mang pampaganda.

Nakapantulog na ang suot ni Cecile nang pumasok sa guest room.

Kaya naman si Bernie ay bahagyang nahihiyang diretsong tumingin kay Cecile.

Nakikipag-usap si Bernie subalit lumilihis ang kanyang mga mata at napapansin naman iyon ni Cecile.

"Ikaw talaga, pangit ba ako? 'Di ba ako maganda? Kasi parang 'di ka makatingin sa akin ng diretso eh."

Sa katotohanan ay gandang-ganda si Bernie kay Cecile kahit may edad na ito.

"Talaga ha, ikaw talaga ang lakas mo rin mambola. O baka napipilitan ka lang."

Natawa si Cecile nang sabihin ni Bernie na talaga namang maganda siya.

"Sige at magpahinga ka na at bukas na lang uli tayo mag-usap uli."

"Basta kung tatanungin ka ni Cora ay pamangkin kamo kita ha."

"Ang nanay mo at ako magpinsang makalawa, second cousin kamo kami."

"Tandaan mo 'yan ha, 'wag mo kalilimutan. Sige na at matutulog na rin ako."

**(Sundan)**

@@@

**ISA PANG BUNTIS**

Speaking of buntis, isa pang aktres ang nagdadalan-tao sa katauhan ni Chynna Ortaleza.

Kagaya ni Andi, second na ang ipinagbubuntis ni Chynna sa kanyang mister na singer na si Kean Cipriano.

Pasko ng Pagkabuhay nang ihayag ng mag-asawa ang isa na naming blessings sa kanila.

Magkakaroon na ng kapatid si Stellar, ang panganay na anak nina Kean at Chynna na ngayon ay tatlong gulang na.

O baka mayroon kayong suhestiyon na maipapangalan sa second baby ng mag-asawa.

@@@

**NAUNA NG NAKADALAWA**

Hindi pa pala natin naipapaabot ang ating pagbati sa mag-asawang Dingdong Dantes at Marian Rivera.

Naisilang na kasi ni Marian ang kanyang second baby, naunahan na niyang makadalawa sina Andi at Chynna, hahaha...

Baby boy ang ikalawang anak ng mag-asawa na isinilang dakong ala-1:35 ng hapon last April 16.

Pinangalanang Jose Sixto G. Dantes IV ang second baby nina Dong at Marian.

Ate na si Zia, ang panganay na anak nina Marian at Dong na ipinanganak noong 2015.

Congrats Dong and Marian.

# Walang Shorcut Tungo sa Tagumpay Makibahahagi sa Team Go for Gold

**Go For The Gold Philippines ay nagbubukas ng pinto ng pagkakataon para sa mga taong nais na sumali sa mga nagawa ng mga atleta mula sa isang iba't ibang mga sports.**

Ang Go For Gold godfather na si Mr. Jeremy Go ay naghayag kamakailan na sila ay dumating sa isang serye ng mga karera kung saan ang nangungunang lalaki at babae sa karera ay inaalok ng isang kontrata upang maging kabahagi ng Team Go For Gold

Sinabi ni Mr.Go na ang mga aspirante na ito ay dapat makipag kumpetensya sa anim na karera na isasagawa simula sa Go For The Gold Sunrise Sprint-Cebu sa Abril 28, isang short distance triathlon na nagtatampok ng 750-meter open-water swim at 20km bike ride bago matapos ang 5km run

"Walang shortcut patungo sa tagumpay ngunit kung ang iyong pamgarap ay maging kabahagi ng Go For Gold Philippines, maaaring ito na ang iyong pagkakataon," sabi ni Mr.Go, vice president for marketing of Powerball Marketing and Logistics Corp., the spearhead behind the Go For Gold program.

Matapos ang karera sa Naga, Cebu, ang susunod na stop ay ang Go For The Gold SBR PH Aquaman sa Vermosa Sports Hub sa Mayo 19 na sinundan ng Go For Gold SBR PH Duaman sa Nuvali sa Hunyo 16.

Ang isa pang Go For Gold Sunrise Sprint sa Davao City sa Hulyo 7 ay naka-iskedyul na at sa Go For Gold SBR PH Triman-Clark sa Hulyo 28 at ang Go For Gold Sunrise Sprint-Subic sa Nov.4

Ipinaliwanag ni Mr. Go na ang 10 pinakamabilis na clockings sa parehong kalalakihan at kababaihan sa panahon ng SBR race at ang Go For Gold Sunrise Sprint open category ay gagantimpalaan ng mga kaukulang puntos ayon sa kanilang order of finish.

"Ang program na ito ay naglalayong hikayatin ang mas maraming mga kabataan na magpatuloy sa kahusayan sa pamamagitan ng sports," sabi ni Mr.Go sa press conference na ginanap sa Rudy Project sa Uptown BGC sa Taguig City.

Idinagdag niya na ang mga nanalo, na ipapahayag pagkatapos ng Nobyembre 4, ay makakakuha ng proffesional na kontrata na nagkakahalaga ng hanggang P100,000 plus isang Storck bike at isang espesyal na crafted Go For Gold trophy.

Bukod sa koponan ng triathlon ng lalaki, ang Go For Gold ay sumusuporta sa National athletes mula sa pagbibisikleta, sepak takraw, chess, wrestling, dragonboat at skateboarding.

Ang Go For Gold ay nagbigay din ng suporta sa Philippine Air Force volleyball squad at may isang pares ng basketball teams sa PBA D-League at San Juan Knights sa Maharlika Pilipinas Basketball League




**NAGSAMA SAMA** para sa Go for Gold Althlets Selection - ang mga sumusunod (gitna) Go for Gold God Father / Vice President for Marketing, Powerball Marketing and Logistics Corporations Jeremy Go, Carlos De Guzman President CEO Swimbikerun.ph, Princess Galura General Manager Sunrise Events. John Chicano Athlets, Coach Melvin Fausto ng ganapin ang pagtitipon sa Rudy Project Uptown Mall, BGC Taguig City. **(RGN)**

## HANEP SPORTS

EDITOR: Mary Austine V. Nillama
Email add: hanepsports 2017@gmail.com

# 8-times Ilinois chess champion Young bilib kay Fernando

**LUBOS** ang paghanga ni 8-times Illinois, USA chess champion International Master (IM) Angelo Abundo Young kay 3-term incumbent Bulacan vice governor Daniel Fernando.

Naniniwala si Young, 27 taon na nanirahan sa Estados Unidos at nakatira na ngayun sa Marilao, Bulacan na mas maraming maitutulong sa sports si Hon. Daniel Fernando na nagtatangka na masungkit ang governor post.

Kabilang sa mga isasagawang palaro ng chess ni Young ang Open rapid chess championships, executive event at media chess event.

May mga prizes din nakalaan sa mga kabataan at sa mangungunang manlalaro mula sa Bulacan na kinabibilangan ng 21 munisipalidad.

Si Young ang founder ng pamosong Touch Move Chess Club sa Chicago ay nais na ibahagi ang kanyang natutunan sa pagtuturo sa Estados Unidos sa buong Bulacan kasama si Hon. Daniel Fernando.

"Kailangan ng pinakamamahal nating probinsiya na Bulacan ang kagaya ni Hon. Daniel Fernando na malaki ang pagmamalasakit sa mga kabataan, mga kababaihan, senior citizen at sa ating mga atleta," giit pa ng dating Philippine Junior champion na si Young na sinimulan na ang pagtuturo ng chess sa Marilao sa bagong tatag na Young Chess Academy. **(Marlon Bernardino)**




**HOCKEY GOLD MEDALIST -** PINALILIWANAG ni Hockey Coach Carl Montano ang mga iba pang kaalaman patungkol sa kanilang pagiging kampeon sa katatapos na Abudabi Women's Challenge Cup of Asia , kasama sa larawan ang mga players na sina Georgie Ann Regencia, Jana Francesca Nery at Eadrea Choi Ham sa kanilang pag bisita sa 19th Edition TOPS Usapang Sports sa NPC Intramuros Manila. **(RGN)**



**PBA SMB VS PHOENIX -** NAG-UNAHAN sa bola sina San Miguel Beer center Christian Standhardinger at Jason Perkins ng Phoenix para sa kanilang tagisan sa game 5 semi finals best of 7 ng 2019 PBA Philippine Cup sa Cuneta Astrodome Pasay City. **(RGN)**

# COMELEC TESTS VOTE COUNTING MACHINES IN CAVITE

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite — The Commission on Elections (Comelec) here disclosed on Tuesday that it has already tested the voting counting machines in 23 towns and cities in the province to ensure the equipment's integrity in the upcoming May 13 mid-term polls.**

Lawyer Arnulfo Pioquinto, Comelec Cavite provincial election supervisor, told the Philippine News Agency (PNA), that the election officers of each town and city have undertaken their seminars on the election processes, specifically on the operation of the VCMs and the electronic counting procedures.

"These activities on the VCM demonstration have been lined up by the local Comelec offices before the actual election to be aware of everything that would happen on election day for a 'Malayang Halalan 2019' (Free and Fair Election 2019)," Pioquinto said.

He said 14 out of the 23 election officers have been reshuffled beginning March 27 or two days before the start of the local election campaign period last March 29 to ensure clean and fair polls.

General Trias City election officer Magdiell Oallares led the demonstration on the casting of votes using the electronic counting machine and witnessed by Mayor Antonio Ferrer, Vice Mayor Morit Sison, city hall employees, public school teachers and some volunteers, at the General Trias Memorial Elementary School in Barangay San Juan I.

Similar roadshows were conducted in Noveleta town, led by election officer Jasmin Gilera, following the seminar on the operation of the VCM at the Noveleta Public Market Roofdeck conference room in the town poblacion.

In Tanza town, election officer Joan Romela Erni also led the pre-election seminar at Tanza Sport Complex to ensure the right electoral procedures would be in place before the May 13 national and local elections. ***(PNA)***

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
FOURTH JUDICIAL REGION
BRANCH 22
CITY OF IMUS, CAVITE

**IN RE: PETITION FOR COMMISSION AS NOTARY PUBLIC FOR AND IN THE PROVINCE OF CAVITE**

**NP CASE NO. 202-19**

**ATTY. ZENAIDA LUBRICA GALVEZ,**
Petitioner.
x————————————————x

**NOTICE OF HEARING**

Notice is hereby given that a hearing on the Petition for the Appointment as Notary Public of **ATTY. ZENAIDA LUBRICA GALVEZ** shall be held on May 7, 2019, at 8:30 in the morning. Any person who has any cause or reason to object to the granting of the petition may file a verified written opposition thereto and received by the undersigned before the date of hearing.

SO ORDERED.
City of Imus, Cavite. April 22, 2019

**MARY CHARLENE V. HERNANDEZ-AZURA**
Executive Judge

**Publication**: **HANEP** April 29, 2019

## BUHAY-KARERA



MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com

## TRAINERS ACADEMY

Inihanda na ng tanggapan ng Philippine Racing Commission (PHILRACOM) ang kanilang "Trainers Academy" para sa pagtanggap ng mga nais maging trainer ng pangarerang kabayo sa bansa. Sa loob ng dalawang taon na pag- aaral o training, ang lahat ng makakapasa o makakapasok ay makakatanggap ng certificate bilang isang kuwalipikado o ganap na trainer na. Sa unang taon ng pag- aaral ay may dalawang semestra na papasukan mula Abril hanggang Hulyo at mula Setyembre hanggang Disyembre. Pag pasok ng susunod na taon ay sabay na ang pag- aaral at pagiging apprentice na trainer, ika nga ay may hawak o tinututukan na kayong mga kabayong mananakbo sa pista. Palagi na kayong nasa karerahan niyan para sa mga kabayong binabantayan mula sa ensayo sa madaling araw hanggang sa gabi kapag may takbo, ika nga ay buhos oras o panahon ang pag- aalaga. Sa kursong iyan ng pagiging trainer ay malawak ang inyong matututunan mula sa mga kilala at bihasang trainers sa bansa na pinangunguhan ni Dr.Ceferino Maala, DVM, MVSc, PhD, Professor Emeritus University of the Philippines - UP Los Baños College of Veterinary Medicine and member of the National Academy of Science and Technology. Makakasama rin ninyo ang kilalang ekspertong beterinaryo sa karerahan na si Dr. Romy G. Modomo, DVM, expert in equine medicine, equine health practitioner. Para sa mga nais pumasok ay ihanda at kumpletuhin lamang ang mga sumusunod na kailangan dalhin: (1) Application Form. Maaari rin kayong makakuha sa Facebook mula sa " GOGIRLRACINGGROUP" Kumpletuhin ang form at i- print. (2) Barangay at NBI Clearance. (3) Certified true copy ng inyong High School Diploma (4th year HS old system o SHS K- 12), transcript hanggang Grade -10 (K- 12 system). (4) Certificate of Good Moral Character. (5) Certificate mula sa isang Doktor (Physician) para sa inyong kalusugan at (6) Drug Test Certificate (Dapat pasado sa screening- illegal Drugs). Ano pa hinihintay nyo? Apply na!

# DOST, patuloy na tumatanggap ng aplikante para sa JLSS Program

ODIONGAN, Romblon (PIA) — Ang Department of Science and Technology (DOST) – Provincial Science and Technology Center sa Romblon ay patuloy na tumatanggap ng aplikante para sa Junior Level Science Scholarship Program.

Sa ginanap na Kapihan sa PIA ay hinihikayat ni Christine F. Diwata, Science Research Specialist I, ng DOST Romblon ang mga mag-aaral na kasalukuyang nasa ikalawang taon sa kolehiyo na mag-aplay sa naturang Scholarship Program upang makapag-aral ng libre sa kolehiyo.

Ang mga maaaring maging scholar ay dapat natural-born Filipino citizen at kasalukuyang nag-aaral sa alinmang kursong kinikilala ng ahensya na may kinalaman sa siyensya at teknolohiya.

Kailangang tiyakin na hindi bababa ng 83 porsiyento ang general weighted average, walang bagsak na grado sa mga nagdaang semester at higit sa lahat ay maipasa ang JLSS examination.

Taunang makatatanggap ang isang JLSS scholar ng P40,000 para sa matrikula at iba pang bayarin sa paaralan. Bukod pa dito, makatatanggap din ang scholar ng book allowance, premium insurance, buwanang allowance at post-graduation clothing allowance.

Magkakaloob din ng transportation allowance ang ahensya para sa mga mag-aaral sa labas ng kanilang lalawigan at summer allowance naman kung nakasaad sa curriculum.

Kabilang sa hinihinging dokumento ang sumusunod: application form na maaaring idownload sa website ng DOST-Science Education Institute (DOST-SEI), www.sei.dost.gov.ph; certificate of good moral character; certificate of good health; certificate of program of study and year level; official transcript of records (TOR) o true copy of grades; dalawang 1"x1" pictures; photocopy ng birth certificate; at photocopy ng anumang dokumento na naglalaman ng DepEd Learner Reference number.

Samantala, kailangan ding dalhin ng mga aplikante sa RA 7687 o kabilang sa pamilyang may gross income na mas mababa sa Php 301,000 ang patunay na residente siya sa kinatitirhang munisipyo sa loob ng nakaraang apat na taon, household information questionnaire, Income Tax Return ng mga mga magulang at employment contract kung ang magulang ay OFW, BIR certificate of tax exemption, at mga electric bill sa nagdaang tatlong buwan.

Ang deadline ng pagsusumite ng aplikasyon ay hanggang sa Abril 26 at nakatakda namang isagawa ang JLSS Scholarship Examination sa darating na Hunyo 2.

Para sa mga kwalipikadong estudyante, isumite ang mga kinakailangang dokumento sa DOST-Provincial Science and Technology Center simula 8:00 n.u hanggang 5:00 n.h, Lunes-Biyernes.

Para sa karagdagang impormasyon, magsadya lamang sa tanggapan ng DOST – PSTC Romblon na matatagpuan sa J.P Laurel St., Brgy. Tabing-dagat, Odiongan sa tabi ng Bungoy river o tumawag sa mga numerong 09989844385 (smart) o 09778368162 (globe) at hanapin si Ms. Jacinth Pearl D. Fradejas, scholarship coordinator. (CFP/DMM/PIA-MIMAROPA/Romblon)



"SALUBONG" – Bahagi ito ng pagsasadula na tradisyonal na ginagawa sa muling pagkabuhay ni Hesus Kristo. Kuha ito sa Redemptorist Church, Baclaran, P'que City nitong nakaraang Easter Sunday. (JIMMY HAO)


CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
Advertising Manager
0929-2415793

Upholstery
0947-3254064
Look for Rommel

B3W Motor Shop
(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)
Ligtong 3, Rosario, Cavite

Tata Ver's Family KTV(TVFK)
Home of exotic pulutan
Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila

MANS ALTERATION-TAILORING
Located at Town Plaza
Noveleta,Cavite

SOUTH STAR PRINT CENTER
Alima, City of Bacoor, Cavite
Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.
We also buy and sell all kinds of printing machineries
Contact: (046) 434-6167
Cell: 0916-5397268/
0918-6174067

# PANGULONG DUTERTE: PAGSUGPO SA ILLEGAL NA DROGA, PATULOY

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)- Patuloy ang pagsusulong ni Pangulong Rodrigo Duterte ng kanyang kampanya kontra illegal na droga.**

Sa isinagawang pagbisita sa lalawigan ng Batangas upang makibahagi sa Partido Demokratiko Pilipino-Lakas ng Bayan (PDP-LABAN) campaign rally sa Batangas City Sports Coliseum noong Miyerkules Santo (Abril 17), sinabi ng Pangulo na kabilang ang lalawigan sa nakared flag pagdating sa kaso ng droga.

"Sinabi ko na pupunta talaga ako dito sa Batangas, darating ako dahil kasama kayo sa red flag pati ang Lucena pagdating sa usapin ng droga," ani Duterte.

Binigyang-diin nito na habang siya ay nakaupo sa puwesto at nagsisilbi bilang lingkod bayan ay patuloy ang gagawin niyang pakikipaglaban upang masugpo ang droga na sumisira hindi lamang sa buhay ng nagiging biktima nito kundi maging sa lahat ng miyembro ng pamilya nito.

"Bilang lingkod bayan, may mga batas tayong sinusunod at habang may korapsyon sa pamahalaan ay huwag nating asahang uunlad ang ating bansa dahil iyan ang ugat ng kahirapan," anang Presidente.

Matapos ang mensahe ng Pangulo ay itinaas niya ang kamay ng mga Senatorial bets ng PDP-LABAN kabilang sina Dong Mangudadatu, Ronald "Bato" Dela Rosa, Christopher "Bong" Go, Aquilino "Koko" Pimentel III, Francis Tolentino at ang mga guest candidates na sina Freddie Aguilar, Imee Marcos, Rafael Alunan, Cynthia Villar at JV Ejercito. **(BHABY P. DE CASTRO-PIA BATANGAS)**

# 3 patay sa lunod

**TATLO** ang patay na hinihinalang pawang mga nalunod sa magkakahiwalay na lugar sa Cavite.

Kinilala ang mga nasawi na sina Jhan Carlo Buclatin, 23, binate, utility, ng Humayaw Barangay Langkaan 2, Dasmariñas City, Glen Senosin, 39, painter, ng Blk-38 Lot-7 City Homes Resort Ville R5 Club House, Barangay Langkaan 2; at isang lalaki na may alias "Paloma", race track employee sa Sta. Ana Race Park at residente ng Brgy. Sabang, Naic,.

Sa salaysay ni Danilo Buclatin, Tatay ni Jhan Carlo, kay MSgt Rolando Paulo Figueroa, ng Dasmarinas City Police Station, na dakong alas-11:40 ng gabi nang nagtungo ang kanyang anak at mga kaibigan nito sa ilog sa Brgy Langkaan 2, upang maligo hanggang sa ito ay nalunod.

Tinangkang tulungan siya ng mga kaibigan subalit hindi ito naisalba.

Sinabi naman ni Queenie Galindez Senosan, 38, asawa ni Glen, na may selebrasyon ang kanyang pamilya kaya nagkayayaang maligo sila kasama ang ilang kapitbahay sa swimming pool sa Club House sa City Home Resort Ville sa Brgy Langkaan 2 dakong alas-11:30 ng gabi.

Sa kalagitnaan ng kanilang pagdiriwang nang napuna nila na nawawala si Glen at nang hinanap ay natagpuan sa gitna ng swimming pool at walang malay.


Isinugod sa ospital ang biktima subalit idineklarang dead on arrival.

Nagkatuwaan naman ang biktmang si Alias Paloma at mga kaibigan nito na maligo sa Salag River sa Sitio Lontoc, Brgy Timalan-Balsahan, Naic dakong alas-5:20 ng hapon nang sumisid umano ang una sa isang malalim na bahagi ng ilog hanggang sa hindi na ito lumitaw.

Tinnagkang sagipin ito ng kanyang mga kaibigan subalit hindi na nila ito nakita.

Dakong alas-11:30 ng gabi nang nasagip ang katawan ng biktima ng mga operatiba ng Philippine Coast Guard (PCG) subalit patay na ito.

Nabatid na bago nagkayayan ang magkakaibigan ay nag-inuman muna ang mga ito . **GENE ADSUARA**



Nakabulagta ang suspek na si Mama Pagetoden na nanlaban habang kausap ni Cavite police provincial director P/Col William Segun ang 2 suspek na sina Allan Salik, alyas Allan at Aladin Salik, alyas Yuyong, nang masakote sila sa ikinasang buy bust operation ng Bacoor police sa Brgy Molino 3 Huwebes ng madaling araw. Nakuha sa kanila ang 1 kalibre 38 baril, Honda CRV na may plate #XJJ691, Toyota Innova at 250 gramo ng shabu na may street value na 1.7millon pesos. (Boy Josue)





Ang motorcade ni Mayor Alfredo Lim sa isang parte ng distrito sa Maynila. Naghagis ng t-shirts at goodies sa bawat daanan ng kanilang motorcade. **(Freddie M. Manalac)**

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

## KALIBRE



ROMY SANTOS

0977-7844136

## Kap Emi ng Noveleta, Cavite at Tata Ver ng Tondo, Manila: patnubayan nawa kayo

**DALAWANG** malapit na kaibigan natin ang hinahangad ko na kapwa magwagi sana sa eleksiyon sa Mayo 13.

Si Emelito Salinas Lontoc o 'Kap Emi na kandidato bilang konsehal sa bayan ng Noveleta.

Tatlong termino bilang kagawad at tatlong termino rin bilang barangay chairman.

Nangangahulugan na nakitaan ng mahusay at maayos na paglilingkod itong si Kap Emi.

Sa mga kababayan natin sa Noveleta, sana ay pakisama sa inyong talaan na iboboto para konsehal ng bayan si Kap Emi.

Habang si Vergel Navarro o Tata Ver ay tumatakbong konsehal sa Tondo sa Maynila.

Nagserbisyo nang tapat at wasto sa ating Philippine National Police si Tata Ver.

May malawak na karanasan kung police matter ang pag-uusapan kaya magiging malaki ang maiaambag ni Tata Ver para sa peace and order situation sa distritong kanyang tinatakbuhan diyan sa bahagi ng Tondo.

Kagaya ng aking nababanggit, bihirang-bihira akong sumuporta ng kandidato subalit sa pagkakataong ito ay hinihiling ko ang inyong suporta at tulong para sa dalawang ito.

Kap Emi at Tata Ver, patnubayan nawa kayo pareho ng ating Panginoong Diyos.



Basura rito, basura kung saan-saan ang makikita sa kalye ng Maynila. Makikita sa larawan ang gabundok na basurang hinakot at nilagay sa plastik. **(Freddie M. Manalac)**